| | | | |
|---|---|---|---|
| | Department of Education<br>Region III<br>**DIVISION OF CITY SCHOOLS**<br>Angeles City<br>Jesus Street, Pulungbulu, Angeles City | | Document Code: SDO-QF-OSDS-SDS-005<br>Revision: 00<br>Effectivity date: 10/31/2018 |
| | **DIVISION MEMORANDUM** | | Name of Office: **OSDS-SDS** |

RELEASED
OCT 07 2019
By
DepEd Angeles City
Division of City Schools

**DIVISION MEMORANDUM**
**No.** 376 S. 2019

**October 7, 2019**

## DISPLAY OF PICTURES OF PHILIPPINE HEROES IN PUBLIC SCHOOLS

To: Heads of Public Elementary Schools
Heads of Public Secondary and Integrated Schools

1. Pursuant to **Memorandum Circular 25** of the Office of President, all public schools are directed to replace the photos of government officials with images of 21 Philippine heroes, from Lapu-Lapu to Jose Abad Santos.

2. The directive is meant "to strengthen the people's nationalism, love of country, and respect for its heroes."

3. The memorandum circular came-up with the following list of Philippine heroes as identified by the Natioanl Historical Commission of the Philippines:

- Lapu – Lapu
- Sultan Kudarat
- Francisco Dagohoy
- Gabriela Silang
- GomBurZa
- Marcelo Del Pilar
- Juan Luna
- Jose Rizal
- Andres Bonifacio
- Emilio Jacinto
- Antonio Luna
- Gregorio Del Pilar
- Apolinario Mabini
- Melchora Aquino
- Emilio Aguinaldo
- Macario Sakay
- Miguel Malvar
- Artemio Ricarte
- Teresa Magbanua
- Teodoro Asedillo

***"SMILES BRIGHT, SERVES RIGHT"***

- Jose Abad Santos

4. Immediate dissemination of and compliance with this Memorandum is desired.

**LEILANI SAMSON CUNANAN, CESO V**
Schools Division Superintendent

*DA/rdd/epsvr/ap*

CM # 2019-332



# MGA BAYANI NG LAHING PILIPINO

# Office of the President of the Philippines Malacañang

MEMORANDUM CIRCULAR NO. 25

**DIRECTING ALL GOVERNMENT AGENCIES AND INSTRUMENTALITIES AND INSTRUMENTALITIES. INCLUDING GOVERNMENT-OWNED OR-CONTROLLED CORPORATIONS, STATE UNIVERSITIES AND COLLEGES AND PUBLIC SCHOOLS AT ALL LEVELS, TO DISPLAY OR EXHIBIT PHOTOGRAPHS, PAINTINGS OR OTHER FORMS OF VISUAL REPRESENTATIONS OF PHILIPPINE HEROES.**

**WHEREAS**, Section 17, Article II of the 1987 Constitution provides that the State shall give priority to educatioon, science and technology, arts, culture, and sports to foster patriotism and nationalism, accelerate social progress, and promote total human liberation and development

**WHEREAS**, it is the policy of the State to promote and popularize the nation's historical and cultural heritage;

**WHEREAS**, the State shall provide the means to strengthen the people's nationalism, love of country, and respect for its heroes by emphasizing the importance of Philippine national and local history in the daily life of the FIlipinos, with the objective of raising social consciousness and patriotism;

**NOW, THEREFORE**, all government agencies and instrumentalities, including government-owned or- controlled corporations, state universities and colleges and public shools of all levels, are hereby directed to display or exhibit the photographs, paintings or other forms of visual **representations of elected or appointed government officials.**

**A list of recognized Philippine Heroes, as identified by the National Historical Commission of the** Philippines, is attached as Annex A for reference and guidance.

**The Memorandum Circular shall take effect immediately.**

DONE in the City of Manila this 15th day of September in the year of Our Lord, Two Thousand and Seventeen.

SALVADOR C. MEDIALDEA
Executive Secretary

Ang parating naiisip ng marami sa atin kapag ang usapan ay hinggil sa mga bayaning nag-aklas sa mga dayuhang mananakop, karamihan sa mga bayaning ito ay pawang taga-Luzon. Higit sa walong lalawigan ng Luzon ang nag-aklas laban sa mga Kastila noong 1896 na panahon nina Rizal at Bonifacio, at ang pag-aaklas ng mga bayani ng ating lahi ay mas maagang nagsimula noong 1521-1527 sa panahon ni Lapu-Lapu.

Ilan sa atin ang nakakaalam sa pangalan ng asawa ni Lapu-Lapu? Marahil ay ngayon lang ito malalaman. Ang pangalan ng kanyang kabiyak ay si Bulakna. Lahat ng tagumpay ni Lapu-lapu bilang pinuno, mandirigma at bayaning Pilipino ay dahil sa tulong ni Bulakna bilang maybahay niya. Hindi magiging magiting na bayani si Lapu-Lapu kung wala ang magiting niyang asawang si Bulakna. Kaya marapat nating pag-aralan at alalahanin din na mayroong mga babaeng bayani sa kasaysayan at sa Rebolusyong Pilipino laban sa mga Kastila, Amerikano at Hapon!

Kailangang itama ang pagkakaunawa ng marami sa atin hinggil sa kasaysayang Pilipino. Bukod sa pambansang kasaysayan, kailangang isama natin ang panrehiyong kasaysayan sa pagtuturo ng kasaysayan ng Pilipinas sa mga mag-aaral. Malaki ang gagampanan ng ating mga guro at tagapagturo sa ilalim ng patnubay ng DepEd para maisakatuparan ang makabayaning layunin na ito.

Sa maraming rehiyon ng bansa na napuntahan ko bilang Kalihim ng DepEd, parating may nagtatanong sa akin na guro o estudyante, "Ma'm, ano para sa iyo ang pinakamagandang bagay sa buhay ng isang tao?" Ito ang parati ko ding sagot, "May pinag-aralan ka man o wala, ano man ang iyong edad, antas ng kabuhayan, kasarian at pinagmulang lalawigan, ang tunay na Pilipino para sa akin ay 'yung may pagmamahal sa mga bagay na hindi lang ikaw. Ang magmahal ng ibang makabuluhang bagay bukod sa sarili mo; ang magmahal sa iyong bansang sinilangan, sa iyong kinalakihang lalawigan, at sa iyong nakakasalamuhang mga kababayan; at ang mahalin sila na mga ibang tao na higit pa sa pagmamahal mo sa iyong sarili tulad din ng pagmamahal mo sa Diyos na higit din sa pagmamahal mo sa iyong sarili - ito ang esensya ng pagmamahal o pag-ibig."

Kaya ang ibang kahulugan ng bayani para sa akin ay pag-ibig. Maaari kang maging bayani pag mayroon kang pag-ibig. Puwedeng maging bayani kahit hindi hari o pinuno. Puwedeng maging bayani kahit hindi heneral o mandirigma. Puwedeng maging bayani kahit hindi ka pa namamatay dahil sa pagkabayani, ang tunay na bayani para sa akin ay sinumang Pilipino na may pag-ibig na lumalaban o nangunguna para sa interes at kapakanan ng kanyang bansa at mga kababayan, o kaya'y sumusuporta o naglilingkod, o nagsasakripisyo o nagsisikap, o kaya'y nagtataguyod o kumikilos dahil sa pagmamahal sa Diyos, bayan at kapwa nang walang hinihintay na kapalit o kabayaran para sa pansariling ginhawa o kasiyahan.

Bilang panghuli kong mensahe sa lahat ng mga guro at estudyanteng makakabasa nitong "Mga Bayani ng Lahing Pilipino," nawa'y patuloy n'yong pag-aralan ang kasaysayan ng ating mga pambansa at panrehiyong bayani. Huwag tayong umasa ng kaalaman lamang mula sa mga aklat-aralin ng mga paaralan at mga libro ng mga silid-aklatan. Tangkilikin natin ang iba't ibang uri ng daluyan ng kaalaman tulad ng pagtatanghal sa istorya ng mga bayani at Rebolusyong Pilipino sa pamamagitan ng eksibit, opera, ballet at iba pang mga pangkasaysayang pagtatanghal sa teatro, telebisyon at pelikula.

Maraming Salamat Po sa Inyong Pang-Unawa at Suporta sa DepEd!
Mabuhay ang Mga Guro't Kawani, pati mga Estudyante't Magulang!
Mabuhay ang Ating Mga Bayani ng Lahing Pilipino!

**Leonor Magtolis Briones**
Kalihim, Kagawaran ng Edukasyon

**Content and Layout:**
Kaakbay ng Guro Research Group
Study Group, Youth Foundation Division
Office of the Undersecretary for Administration

**With Contributions from:**
The Kasaysayan Discussion Group
Office of the Secretary, DepEd

**Sources of Photographs:**
National Historical Commision of the Philippines, National Library, and Museum

# MAAARI KA MAGING BAYANI KAPAG MAYROON KANG PAG-IBIG!

Kailangang pagbalik-aralan natin kung ano ang ating konsepto ng isang bayani. Iyon istahang opisyal na mula sa Tanggapan ng Pangulong Rodrigo Roa Duterte, dinagdagan ng DepEd ayon sa sariling pagsasaliksik nito at pakikipag-ugnayan sa mga kilalang historyador ng bayan at iba't ibang sektor ng lipunan na nagsagawa ng masusing pag-aaral sa kasaysayan ng Pilipinas. Kaya itong listahan ng DepEd na Mga Bayani ng Lahing Pilipino, nand'yan ang pinakabata at nand yan din ang pinakamatanda. May mayaman, may mahirap, may edukado at may hindi edukado. Mayroong lalaki at mayroong babae. Pinatutunayan nito na lahat ng Pilipino ay may pagkakataon upang maging isang bayani - ano man ang edad, antas ng kabuhayan, pinag-aralan, kasarian at pinagmulang lalawigan.

Kapag mga pambansang bayani ang pinag-uusapan, marami ang mabilis na makapagbibigay ng mga pangalan ng mga ito. Subalit kapag mga panrehiyong bayani na ang pinag-uusapan, marami sa atin ang natitigilan at nag-iisip muna kung sino-sino sila.

Isang hamon na ibinibigay ko sa lahat ng mga Panrehiyong Direktor ng DepEd na hanapin at alamin ang mga panrehiyong bayani sa kani-kanilang mga nayon, barangay, bayan at lalawigan. Kung magbabalik-tanaw tayo sa kasaysayan ng Pilipinas sa paningin ng mga mamamayan ng bawat rehiyon, tiyak na may mahahanap na partikular na bayani o mga bayaning galing sa bawat rehiyon ng bansa. Hangad ng DepEd na kung magsasagawa ng tanghalan o programang pagtatanghal ukol sa "Mga Pambansang Bayani ng Pilipinas" ang sinumang sektor o grupo sa alinmang lugar sa buong bansa, dapat mayroon ding tanghalan o programang pagtatanghal ukol sa "Mga Panrehiyong Bayani ng Pilipinas."

Sa pangkalahatan, bukod sa mga pambansang bayani at mga panrehiyong bayani ng ating kasaysayan, ang mga tunay ng bayani ay hindi lamang 'yong mga patay na bayani o mga taong nagbuwis ng buhay para sa bayan. Ang kasabihan na, "Para maging bayani, kailangang mamatay ka muna" ay isang lumang paniniwala na kailangang baguhin dahil hindi na tugma sa ating kasalukuyang panahon na mayroon nang "living heroes" o mga buhay na bayani. Bawat isa sa atin ay maaaring maging buhay na bayani. Kung mayroong mga yumaong bayani sa kasaysayan, mayroon ding kahalintulad nilang mga buhay na bayani sa modernong panahon.

Ang ating saloobing maka-Diyos na nagbibigay inspirasyon para maglingkod sa bayan, ang ating makatao at hindi makasariling dedikasyon na makapagsilbi sa mga kapwa Pilipino kahit mayroong mga banta ng panganib, paghihirap at hamon ng pagganap sa mga tungkuling makabansa at makakalikasan; at ang ating araw-araw na pakikibaka sa buhay bilang isang simpleng nilalang na walang hinihintay na kapalit na materyal ngunit umaasang makaambag kahit kaunti sa kanyang sariling paraan at pagsisikap para sa pag-ahon ng bansa tungo sa inaasam na kaunlaran, kapayapaan at magandang kinabukasan para sa lahat - ang mga ito'y maituturing na mga katangian at gawain ng isang buhay na bayani.

Kailangang suriin natin ang pagkabayani bilang isang pambansang katangian o likas na kabutihan. Lahat tayo, aminin man natin o hindi, mayroong bahagi ng ating pagkatao na nagmamahal at humahanga sa mga bayani. Gayon man, madalas nating makalimutan na bukod sa mga pambansang bayani, mayroon din mga panrehiyong bayani o mga lokal na bayani na nagmula sa kani-kaniyang mga lugar o lalawigan. Ang mga bayani ng Rebolusyong Pilipino noong panahon ng mga Kastila, ng Digmaan laban sa Amerikano at Hapon, at ang mga bayani ng ating lahi na nagtanggol at lumaban sa lahat ng mga dayuhang mananakop ay hindi nanggaling lamang sa walang pangunahing lalawigang unang naghimagsik kundi sa lahat ng panig ng bansa sapagkat marami ang mga nagmamahal sa bayan na nagtanggol din at lumaban para sa kalayaan.

(continuation at Page 47)

In 1995, the National Heroes Committee under the Office of the President recommended Jose Rizal, Andres Bonifacio, Emilio Aguinaldo, Apolinario Mabini, Marcelo del Pilar, Sultan Dipatuan Kudarat, Juan Luna, Melchora Aquino and Gabriela Silang be recognized as national heroes.

The report was submitted to the Department of Education in November 22, 1995. As of today, however, no action has been taken for such recommendation.

In what was considered a bold move, President Rodrigo Roa Duterte, through Executive Secretary Salvador Medialdea, issued Memorandum Circular No. 25 on September 15, 2017 directing all government offices to display or exhibit photographs, paintings or other forms of visual representations of Philippine Heroes in lieu of elected or appointed government officials.

The circular lists down 14 heroes: Jose Rizal, Andres Bonifacio, Emilio Aguinaldo, Apolinario Mabini, Marcelo del Pilar, Juan Luna, Melchora Aquino, Lapu-Lapu, Father Jose Burgos, Father Mariano Gomez, Father Jacinto Zamora, Emilio Jacinto and Jose Abad Santos.

This material has expanded the list of heroes to 21 to enable government offices and our public schools to present these national heroes in public so they may serve as role models of the Filipino youth and students.

# CONTENTS


| | |
|---|---|
| Lapu - Lapu | 4 |
| Sultan Kudarat | 6 |
| Francisco Dagohoy | 8 |
| Gabriela Silang | 10 |
| GomBurZa | 12 |
| Marcelo Del Pilar | 14 |
| Juan Luna | 16 |
| Jose Rizal | 18 |
| Andres Bonifacio | 20 |
| Emilio Jacinto | 22 |
| Antonio Luna | 24 |
| Gregorio Del Pilar | 26 |
| Apolinario Mabini | 28 |
| Melchora Aquino | 30 |
| Emilio Aguinaldo | 32 |
| Macario Sakay | 34 |
| Miguel Malvar | 36 |
| Artemio Ricarte | 38 |
| Teresa Magbanua | 40 |
| Teodoro Asedillo | 42 |
| Jose Abad Santos | 44 |






# ARTEMIO RICARTE

(1866-1945)

*Maestro, Hepe, Vibora, Magiting na Heneral.*

Isinilang sa Batac, Ilocos Norte noong Oktubre 20, 1866. Pangalawa siya sa anak nina Esteban Ricarte Y Faustino at Bonifacia Garcia Y Rigonan na kapwa tubong Ilocos Norte. Nakapagtapos siya ng *Bachiller en Artes* sa *Colegio San Juan de Letran.* Nag-aral din siya ng pagkaguro sa Unibersidad ng Santo Tomas at *Escuela Normal.* Nang makatapos, ipinadala siya sa San Francisco de Malabon (ngayon ay General Trias, Cavite) upang maging superbisor sa mga eskuwelahang primarya roon. Dito niya nakilala si Mariano Alvarez na isa rin guro at nag-imbita sa kaniya na sumapi sa Katipunan.

Nang lumaon, napabilang siya sa *Magdalo Council* at ginawaran ng ranggong Tenyente Heneral. Pinangunahan ni Ricarte, na tinawag ding *Vibora,* ang maraming matagumpay na pakikipaglaban sa mga guwardiya sibil. Matapos ang *Tejeros Convention* noong Marso 1897, si Heneral Emilio Aguinaldo mismo ang nagbigay sa kaniya ng pinakamataas na *Brigadier General* matapos hiranging kaunaunahang hepe ng sandatahan ng Pilipinas.

Sa ikalawang yugto ng Rebolusyong Pilipino ang mga sundalong Amerikano naman ang kanilang naging katunggali, hindi nabawasan ang giting at tapang ng sundalong Ilokano. Sa isang enkuwentro niya sa mga Amerikano noong Hulyo 1900, nahuli siya at ikinulong sa Bilibid Viejo. Pinangakuan siyang palalayain sa kulungan kung manunumpa siya ng katapatan sa bandila ng Amerika. Subalit matigas ang kaniyang pagtutol. Dahil dito, ipinatapon siya sa Guam kasama si Apolinario Mabini. Noong 1903, pinayagan na siyang bumalik sa Pilipinas subalit hindi pa rin siya nanumpa sa bandila ng dayuhang Amerikano.

Nang makabalik, muli siyang nag-organisa at palihim na lumaban sa pamahalaang Amerikano. Itinuring siyang kaaway ng estado at pinatungan ng 10,000 piso para mahuli patay man o buhay. Dahil sa malubha niyang pagkakasakit, nahuli siya noong Mayo,1904 at nahatulang mabilanggo ng 11 taon. Subalit dahil sa mabuti niyang asal sa bilangguan, pinalaya siya matapos ang anim na taon noong 1910. Hindi pa rin siya nanumpa ng katapatan sa mga Amerikano. Muli siyang ipinatapon sa Hong Kong at namuhay doon hanggang 1915 kasama ang asawang si Agueda. Subalit lagi pa ring isinasangkot ang kaniyang pangalan sa Pilipinas sa tuwing may mga pagkilos doon na laban sa mga Amerikano. Dahil dito, tumungo sila sa Yokohama, Japan at namuhay nang tahimik. Nagtayo sila ng isang maliit na kainan at bumalik siya sa pagtuturo.

Nang sumiklab ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig noong 1941, muling nanariwa sa alaala ni Heneral Artemio Ricarte ang pakikipaglaban niya para sa kalayaan ng Pilipinas. Dahil dito, tinanggap niya ang alok ni Pangulong Jose P. Laurel na umuwi sa Pilipinas upang mamagitan sa pagkakaroon ng kapayapaan.

Dahil sa kaniyang edad, madali siyang dinapuan ng iba't ibang karamdaman. Matapos niyang bakahin ang malaria at kolera, hindi siya pinaligtas ng sakit na disenterya. Namatay siya noong Hulyo 31, 1945, sa Kalinga, Mountain Province. Makalipas ang siyam na taon, nahukay ang kaniyang labi sa isang liblib na lugar sa Kalinga at maayos na inilibing sa isang sementeryo. Noong 2002, inilipat ito sa libingan ng mga bayani.

> Hindi ako maaaring lumisan upang iligtas ang sarili at magtago sa ibang bayan, ipagtatanggol ko ang bayan kong sinilangan at dito ako mamamatay!




# TEODORO ASEDILLO

(1883-1935)

*Magsasaka, Makabayang Guro, Magiting na Pulis, Tagapagtanggol ng Api.*

Isinilang sa Longos (ngayo'y Kalayaan), Laguna noong 1883. Mula siya sa angkan ng mga magsasaka subalit nang makapagtapos sa Kolehiyong Normal ng Pilipinas sa Maynila, agad siyang nagturo sa elementarya mula 1910 hanggang 1921. Dahil sa kahusayan sa pagtuturo, ginawa siyang head teacher. Subalit dahil sa kaniyang pagiging makabayan, hindi niya matanggap ang isa sa polisiyang ipinatupad ng Gobernador-Heneral Elwell Otis. Ito ay ang paggamit ng wikang Ingles bilang wikang panturo at wika ng komunikasyon. Mahigpit na ipinagbawal ang paggamit ng sariling wika at parurusahan ang lalabag dito. Hindi rin pinahintulutan ang pamumuno ng mga Pilipino sa Kagawaran ng Edukasyon maliban nang dumating ang panahon ng Commonwealth noong 1935.

Ang kalagayang ito ang nagtulak kay Teodoro Asedillo sa kaniyang unang himagsik. Mas pinili niyang gamitin ang wikang Tagalog sa halip na wikang Ingles. Ipinamulat niya rin sa mga bata ang kabayanihan ng mga Pilipino kasabay ng pagtuturo ng mga awiting makabayan. Hindi niya rin ginamit ang mga aklat na sinulat ng mga dayuhang awtor. Dahil dito, kinasuhan siya ng insubordinasyon o pagsuway sa mga kautusan ng kagawaran noong 1923. Ipinagtanggol niya ang sarili at sinabing hindi dapat ipagkait sa mga bata ang sarili nilang kultura at kasaysayan. Subalit hindi siya pinakinggan at manapa'y tinanggal sa trabaho.

Nang sumunod na taon, naghirap nang husto sina Asedillo at ang kanyang anak na si Pedro kasabay ng pagkamatay ng kaniyang asawang si Honorata Oblea dahil sa tuberkolosis. Nakapag-asawang muli siya noong 1925. Muling nagkatrabaho si Asedillo nang hiranging hepe ng pulisya ng alkalde ng bayan ng San Antonio. Naging kilala siya bilang hepe dahil sa dami ng kriminal na nadakip at ipinakulong. May mga bandido rin siyang napasuko at pinagbalik-loob sa pamahalaan. Nang magpalit ng administrasyon ang bayan matapos ang halalan, natanggal siya sa posisyon at pinalitan ng isang malakas sa mga bagong opisyal.

Dahil sa malaking problema ng mga manggagawa sa bukid at kawalang katarungang panlipunan, sumapi si Asedillo sa Katipunan ng mga Anakpawis sa Pilipinas (KAP) noong 1929. Lumaganap ang KAP sa buong Maynila, timog at gitnang Luzon. Dahil sa kahusayang mag-organisa, siya ang inatasang lumuwas ng Maynila upang buuin ang kilusan sa mga pabrika sa Maynila. Siya rin ang namuno sa ilang welga at pag-aaklas hanggang makatikim ng pagdarahas sa kamay ng mga pulis at konstabularya. Umuwi siya sa Laguna upang magtago subalit lihim na pinalakas ang pakikisangkot sa mga kontra kolonyalistang kilusan na nagtataguyod sa karapatan ng mga magsasaka. Tinawag siyang "kilabot ng Siera Madre" at "Robinhood ng Laguna" dahil sa walang ampat na pagtulong sa mga mahihirap at naaapi.

Disyembre 31, 1935, natunton ng pinagsanib na puwersa ng konstabularya at pulisya ang kuta ni Asedillo sa talon ng Maladiangaw sa Sampalok, Tayabas (Quezon). Sa labanang iyon, napatay ang maalamat na si Teodoro Asedillo habang yapos ang isang bibliya, rebolber, at watawat ng Pilipinas. Ipinarada sa plaza ang kaniyang bangkay habang nakagapos sa isang kawayang animo'y nakadipang krus.

> Ituro sa mga bata ang kinamulatan nilang wika at kultura at hindi ang dayong ang layunin ay sakupin ang kanilang isipan.




# GABRIELA SILANG

(1731-1763)

*Marikit na Tingguian, Mestiza de Entresuelo, Henerala, Rebolusyonaryo ng Ilocandia.*

Isinilang siya bilang Maria Josefa Gabriela Cariño sa Baryo Caniogan, Santa, Ilocos Sur noong Marso 19, 1731. Ang kaniyang ama na si Anselmo Cariño ay isang purong Espanyol, samantalang ang kaniyang ina ay isang katutubong Tingguian mula sa San Quintin (ngayo'y Pidigan), Abra. Mukhang mestizang morena si Gabriela kaya tinawag ding *mestiza de entresuelo*,dahil sa kumbinasyon ng dalawang magkalayong lahi.

Nang maghiwalay ang kaniyang mga magulang, inampon siya at pinag-aral sa kumbento ng kura paroko ng Vigan kaya lumaking saradong Katoliko si Gabriela. Maagang nag asawa si Gabriela sa edad na 15. Ipinagkasundo siya ng kaniyang amang si Anselmo sa isang mayamang Espanyol na may katandaan na. Matapos ng tatlong taon, nabiyuda siya kaagad. Dito nagsimulang pumasok sa buhay niya si Diego Silang.

Lahat ng klase ng panunuyo upang mabihag ang puso ng marikit na mestiza ay ginawa ng mensaherong si Diego. Sinulatan, hinarana, nanilbihan, at nagsakripisyo si Diego para lamang masungkit ang puso ng biyuda hanggang sila ay ikasal. Nagsama sila nang maligaya sa kabila ng malaking lihim ni Diego tungkol sa isang kilusang kaniyang kinabibilangan. Kabilang si Diego sa grupong humihingi ng pantay na trato para sa mga Indio.

Dahil sa giting at husay ni Diego, nahirapan ang mga Espanyol na masupil siya. Binayaran ng simbahan sina Miguel Vicos at Pedro Becbec upang patraydor na paslangin si Diego. Naabutan pa ni Gabriela ang duguang asawa at sa bisig niya ito nalagutan ng hininga noong Mayo, 1763.

Ang dating wagas at malalim na pagmamahal niya kay Diego ay naging walang maliw na pagmamahal rin para sa bayan. Kung noong una ay nanggagamot lamang siya ng mga sugatang kasama, nang lumao'y siya na ang nakasakay sa kabayo at nagwawasiwas ng tabak.

Sa isang paglusob nila sa Vigan, napaatras sila patungong Abra. Tinugis sila ng tropang Espanyol hanggang madakip. Umaga ng Setyembre 29, 1863, binitay sa plaza ng Vigan ang kauna-unahang babaing rebolusyonaryo ng Pilipinas.

> Ang pagmamahal ko sa aking kabiyak ay ipagpapatuloy ko at pag-aalabin para sa pagmamahal sa aking bayan.






# FRANCISCO DAGOHOY

(Ipinanganak 1724)

*Cabesang Walang Tinag, Karismatikong Lider, Rebolusyonaryo.*

Walang tiyak na petsa kung kailan ipinanganak noong taong 1724 si Francisco Sendrijas, o mas kilala sa pangalang Francisco Dagohoy. Ang malinaw, bata pa lamang ay nakitaan na siya ng kasipagan at pagiging lider sa sinilangan niyang baryo sa Cambitoon, Inabanga, Bohol.

Magsasaka sina Francisco at naranasan niya ang mararahas na batas at labis na pagbubuwis ng pamahalaang Espanyol. Sa kabila nito, patuloy pa rin siyang sumusunod sa batas at nananalig sa paniniwalang Kristiyano. Hanggang sa dumating ang araw nang mamatay ang isa sa dalawa niyang kapatid na nagngangalang Sagarino. Nang dalhin niya ito sa simbahan upang pabendisyunan para mailibing, tumanggi ang Paring si Gaspar Morales. Paliwanag ng pari, dahil namatay sa isang duwelo ang kapatid ni Dagohoy, hindi raw ito kagustuhan ng Dios. Nanginig sa galit si Dagohoy. Sa kabila ng pagmamakaawa at pakiusap, hindi siya pinagbigyan ng pari. Dahil dito, tinalikuran niya ang simbahan at nagtatag ng kilusan laban sa mga Espanyol.

Dahil sa husay ng pamumuno, at dahil marami rin ang mga may hinaing sa pamamahala ng mga Espanyol umabot sa mga 20,000 ang naging kasapi ni Dagohoy. Naging parang mesayaniko si Dagohoy na magliligtas sa mga Boholano.

Paniniwala ng marami, may natatanging galing ang Cabesa ng Cambitoon dahil sa maraming labanan, ni hindi siya nasusugatan. Kaya naman ipinangalan sa kaniya ang Dagohoy na mula sa "dagon sa hayuhoy" na ang ibig sabihin ay "agimat sa hangin." Nagkuta sila mga kuweba ng Danao at magiting na lumaban sa mga Espanyol upang palayain ang buong isla.

Walang makatiyak kung paano at kailan namatay si Dagohoy. Pero kahit wala na siya, nagpatuloy ang kilusan na tumagal ng 85 taon. Umaabot ng mahigit 20 gobernador-heneral ang nanungkulan noon subalit hindi nalipol ang pangkat ni Dagohoy.

Noong Agosto 31, 1829, matapos mapatay ang Italyanong kura ng bayan ng Jagna, opisyal na nagtapos ang halos isandaang taong pakikidigma ng mga taga-Bohol laban sa polo y servicio, mataas na buwis, sistemang bandala, monopolyo ng negosyo, at imposisyon ng paniniwalang Kristiyano. Bilang parangal sa bayani ng Bohol, isang bayan sa isla ang ipinangalan kay Dagohoy sa rekomendasyon ng dating Bise-Presidente Carlos P. Garcia.

"Darating ang dagon sa hayuhoy, at ililigtas tayo sa kamay ng mapaniil na Espanyol!"

*(tinig ng mga Boholano habang naghihintay kay Dagohoy)*






# JOSE ABAD SANTOS

(Pebrero 19, 1886 - Mayo 2, 1942)

*Makabayang Abogado, Punong Mahistrado,*
*Tapat sa Bayan Hanggang Kamatayan*

Isinilang sa San Fernando, Pampanga noong Pebrero 19, 1886 at pampito sa sampung anak nina Vicente Abad Santos at Toribia Basco. Naging bahagi si Jose ng programang pensiyonado ng Estados Unidos kaya nakapaglakbay siya para makapag-aral sa Amerika simula 1904. Nagtapos siya ng kolehiyo sa Santa Clara College at ng abogasya sa North Western University sa Illinois. Naging masterado siya sa batas sa George Washington University noong 1909.

Humawak siya ng iba't ibang posisyon sa pamahalaan tulad ng pagiging tagapayong teknikal ng misyong pangkasarinlan ng Pilipinas sa Estados Unidos noong 1919. Naging abogado rin siya ng Manila Railroad Company noong 1920, puno ng misyong pang-edukasyon sa Amerika noong 1926, Kalihim ng Katarungan noong 1931, at Punong Mahistrado noong Disyembre 24, 1941.

Napangasawa niya si Amanda Teopaco noong 1918 at nagkaroon sila ng limang anak - sina Jose, Jr. o Pepito, Osmundo, Amanda, Luz, at Victoria.

Nang kinailangang tumungo ng Amerika ang Pangulong Manuel Quezon, dahil sa Ikalawang Digmaang Pandaigdig, hinirang niya si Abad Santos bilang Taga-pangalagang Pangulo ng Pilipinas. Nahuli ng mga Hapon si Abad Santos kasama ang kanyang anak na si Pepito sa Cebu noong Abril 11, 1942. Tumangging makipagtulungan sa mga Hapon si Abad Santos at siya ay pinatay sa pamamagitan ng firing squad noong umaga ng Mayo 2, 1942 sa Malabang, Lanao del Norte. Bago siya patayin, nasabi pa niya sa kaniyang anak na si Pepito ang katagang ito:

> Huwag kang umiyak. Ipakita mo sa mga taong ito na matapang ka. Isang karangalan ang mamatay para sa iyong bayan.




# MACARIO SAKAY

(1870-1907)

*Barbero, Sastre, Artista sa Teatro, Heneral.*

Isinilang sa kalye Tabora, Tondo, Maynila noong Hulyo 1870. Una siyang nagtrabaho sa pagawaan ng kalesa bilang tagagawa ng gulong. Nang matuto siyang manahi at maglilip, maraming baro ng mga insulares na Espanyol ang kaniyang nagawa. Nang itinayo ni Andres Bonifacio ang Kataas-taasan, Kagalang-galangang Katipunan ng mga Anak ng Bayan (KKK) noong 1892, isa si Sakay sa mga naging kasapi nito at naging mahusay na taga-recruit ng magiging Katipunero.

Dahil sa matalas niyang pagbigkas ng wikang Espanyol at Tagalog, napabilang si Sakay sa mga artista sa teatro. Ilan sa mga dula na kaniyang nilahukan ay ang *Prinsipe Baldovino, Doce Pares ng Francia,at Amante de la Corona.* Sa kabila ng kaniyang mga pagtatanghal, kasakasama pa rin siya ng tropang Magdiwang sa kanilang mga engkuwentro laban sa mga guwardiya sibil. Noong 1899, nagpatuloy siya sa pakikipaglaban para sa kasarinlan ng Pilipinas laban sa mga Amerikano. Nadakip siya at ikinulong noong 1900 ngunit matapos ang ilang buwan, pinalaya rin siya dahil sa amnestiya na ibinigay ng mga Amerikano.

Nang madakip si Heneral Emilio Aguinaldo sa Palanan, Isabela noong Abril 1901, ipinagpatuloy ni Macario Sakay ang pakikibaka para makamit ang kalayaan ng bansa at mapaalis ang mga bagong mananakop na Amerikano. Naging Pangulo siya ng Republikang Tagalog. Sinulat niya ang konstitusyon ng republika na nagsasabing ang mga traydor sa republika at sumusuporta sa mga kaaway ay parurusahan, ipapatapon, ikukulong, at ipapapatay. Taong 1902 nang magdeklara si Heneral Sakay ng pakikidigma sa mga Amerikano. Idineklara naman siya ng mga Amerikano bilang bandido.

Noong 1905, isang maka-Amerikanong Pilipino, si Dominador Gomez ang binigyan ng awtorisasyon ni Gobernador-Heneral Henry Clay Ide na makipag-usap kay Heneral Sakay at alukin ng ilang kondisyon para lamang sumuko. Subalit sa halip na ang mga Amerikano ang magbigay ng kondisyon, ang heneral ang naglatag ng pagkakasunduan. Ilan sa mga ito ay ang pagbubuo ng isang *National Assembly* upang pag-usapan ang kasarinlan, pagpapalaya ng mga sundalong nakakulong, payagang magdala ng armas, at makalabas ng bansa. Madali itong sinang-ayunan ng mga Amerikano. Sa pamamagitan ng sugo ni Sakay na si Heneral Leon Villafuerte pinirmahan ang kasunduan. Kaya noong Hulyo 20, 1906, lumuwas ng Maynila sina Sakay at Villafuerte upang dumalo sa isang bankete kasama ang mga opisyal na militar ng mga Amerikano. Subalit huli na nang malaman nila na isang patibong ang hapunan na kanilang dinaluhan. Agad silang dinisarmahan, kinulong at kinasuhan ng *bandolerismo* sa ilalim ng *Brigandage Act of 1902*. Ang kasong ito ay kinatigan ng Korte Suprema at hinatulang sina Macario Sakay at Leon Villafuerte ng bitay noong Setyembre 13, 1907 sa Bilibid Viejo, Maynila. Sinasabing nagpahaba siya ng buhok bilang tanda ng haba ng kanyang pakikibaka laban sa mga mananakop.

> Ang kamatayan ay darating sa atin anumang oras, anumang panahon, kaya haharapin ko ito na mahinahon. Subalit nais ko lamang sabihin sa inyong lahat na hindi kami bandido o magnanakaw tulad ng paratang ng mga Amerikano; kami ay kasapi ng rebolusyonaryong puwersang nagtanggol para sa ating kasarinlan. Paalam bayang Pilipinas! Sana'y makamit natin ang kalayaan sa hinaharap! Mabuhay ang Pilipinas!




# SULTAN KUDARAT

(1581-1671)

*Pinakamagiting na Sultan ng Mindanao,*
*Pinakamatapang na Pinunong Muslim*

Isa si Sultan Mohammad Dipatuan Kudarat sa dahilan kung bakit hindi matagumpay na nasakop ng mga Espanyol ang buong isla ng Mindanao. Bagamat nakapasok ang emperyo ng Espanyol sa ilang lugar sa isla, agad silang naitaboy dahil sa katapangan ni Sultan Kudarat.

Isinilang si Sultan Kudarat noong 1581 sa dating Maguindanao, Cotabato. Mula siya sa angkan ni Shariff Kabungsuan, ang misyonerong Muslim na nagdala ng Islam sa Pilipinas noong ika-13 siglo. Anak siya ni Datu Buisan, isang Iranun, at ng inang si Ambang. Ang pangalan niyang Dipatuan ay mula sa salitang Malay na ang ibig sabihin ay "pinuno," samantalang ang Kudarat o *Qudarat* (*Corralat* sa mga Espanyol) naman ay isang salitang Arabe na ang kahulugan ay "lakas." Siya ang ika-pitong Sultan ng Mindanao mula noong 1619 hanggang 1671.

Sa kaniyang pamumuno, napagkaisa niya ang kalinangan ng Davao, Cotabato, Lanao, hanggang Zamboanga at mahigpit niyang tinutulan ang pagtatangka ng mga Espanyol na palaganapin ang Kristiyanismo sa kaniyang nasasakupan.

Higit na nakita ang kaniyang katapangan noong 1637 nang muling manakop ang tropa ni Gobernador-Heneral Sebastian Hurtado de Corcuera. Sa simula'y napaatras at nasugatan si Sultan Kudarat, ngunit nagtayo muli siya ng mas malakas na puwersa. Naging walang humpay na pakikidigma ang kaniyang inilunsad upang maitaboy ang mga Espanyol.

Sa loob ng maraming taon, hindi nagtagumpay ang mga Espanyol na mapasuko ang puwersa ni Sultan Kudarat at ang lupang pangako. Hanggang sa mamatay siya noong 1671, nanatiling pangunahing sultan ng iba't ibang pangkatin ng liping Maguindanao ang matapang na Sultan. Isa siyang huwaran ng mga Moro sa pagtatanggol at pakikipaglaban para sa kalayaan ng buong Mindanao.

> Ang kuta namin ay bato, ang moog na hindi matitinag ng kaaway ilang ulit man kaming mag-alay ng dugo para sa kasarinlan at kapayapaan.




# JOSE RIZAL

(1861-1896)

*Nobelista, Makata, Manggagamot, Siyentista, Iskultor, Guro.*

Isinilang sa Calamba, Laguna noong Hunyo 19, 1861 bilang Jose Protacio Rizal Alonzo Mercado. Nagtapos ng *Bachiller en Artes sa Ateneo Municipal at Filosofia y Letrassa Universidad de Santo Tomas.* Nagtungo sa Europa noong 1882 at naging lisensyado sa (1861-1896) optalmolohiya sa *Universidad Central de Madrid* at Pilosopiya sa Pransya.

Isinulat niya ang dalawang dakilang nobela na *Noli Me Tangere (1887)* at *El Filibusterismo (1891)* na matinding nakaimpluwensya sa mga kasapi ng Kataas-taasan, Kagalang-galangang Katipunan ng mga Anak ng Bayan (KKK) para lumaya mula sa pananakop ng bansang Espanya.

Aktibo siyang nakilahok sa Kilusang Propaganda kasama ang iba pang ilustrado na nasa Madrid. Nagsulat din siya ng mga natatanging artikulo tulad ng *Philippines: A Century Hence, The Indolence of the Filipino People, Rizal Letter to the Women of Malolos* sa pahayagang *La Solidaridad.*

Nagtatag siya ng samahang *La Liga Filipina* upang isulong ang reporma at kalayaan ng Pilipinas mula sa pananakop ng mga Espanyol.

Ipinatapon siya ng pamahalaang Espanyol sa Dapitan, Zamboanga noong 1892. Pinayagan siyang makatungo ng Cuba dahil nagboluntaryo siyang maging doktor sa mata doon. Ngunit agad din siyang inaresto habang naglalayag.

Ikinulong siya sa *Fort Santiago* sa kasong illegal na pagtatayo ng isang kilusan at pagtataksil sa pamahalaang Espanyol. Nilitis siya at nahatulang mamatay sa pamamagitan ng pagbaril sa Bagumbayan na ngayo'y Luneta.

Ang huling gabi niya sa kulungan ay ginugol sa pagsusulat ng huli niyang obra - ang *Mi Ultimo Adios* na ibinigay ang kopya sa dumalaw na kapatid ilang oras bago siya bitayin. Sa ganap na ikapito ng umaga, Biyernes noong Disyembre 30, 1896, binaril ang kauna-unahang Asyanong martir sa kasaysayan at pinakadakilang taong nalikha ng lahing Malayo.

> Mamamatay akong hindi masisilayan ang maningning na bukang liwayway. Kayong makasasaksi nito, batiin nyo ito at huwag kalilimutan ang mga nalugmok sa dilim ng gabi...






# EMILIO AGUINALDO

(1869-1964)

*Kapitan Miyong, Gobernadorcillo, El Presidente.*

Isinilang sa Binakayan, Kawit, Cavite noong Marso 22, 1869. Sa edad na 17, hinirang na *Cabeza de Barangay*. Noong 1895 ay naging *Gobernadorcillo* naman ng Kawit. Noong Disyembre 15, 1897 ay nahalal na Presidente ng Pilipinas. Ikapito sa walong anak nina Carlos Aguinaldo at Trinidad Famy, kumuha si Miyong ng Batsilyer sa *Artes sa Colegio de San Juan de Letran*.

Noong 1894, naging kasapi siya ng Kataas-taasan, Kagalang-galangang Katipunan ng mga Anak ng Bayan (KKK) hanggang sa maging puno ng konseho ng Magdalo sa Cavite. Sa pagsiklab ng rebolusyon noong Agosto, 1896, pinangunahan ni Aguinaldo ang lahat ng pag atake ng mga sundalong Magdalo laban sa mga Espanyol at naging kabi-kabila ang kaniyang pagwawagi.

Naging kilala at popular ang pangalang Kapitan Miyong sa buong Cavite at kalapit na probinsya. Nang itinayo niya ang pamahalaang rebolusyonaryo, agad itong sinundan ng tinatawag na Kombensiyon sa Tejeros. Dito pormal na nahalal bilang pangulo ng republika at naging ganap na heneral si Emilio Aguinaldo.

Muling nahalal na pangulo si Aguinaldo nang umatras ang puwersa ng rebolusyon sa Biak na Bato. Dito rin naganap ang kasunduan sa mga Espanyol sa pagbababa ng armas ng rebolusyon, pagkatapon sa kanila sa Hong Kong, at pagtanggap ng kabayaran sa pagbababa ng armas. Taong 1898, sa payo ng kaniyang gabinete, muling itinuloy ang pakikidigma sa mga Espanyol hanggang sa idineklara ni Heneral Emilio Aguinaldo mula sa balkonahe ng kaniyang bahay sa Kawit noong Hunyo 12, ang kasarinlan ng Pilipinas kung saan unang opisyal na iwinagayway ang watawat ng Pilipinas at ipinarinig ang *Himno Nacional Filipino* o ang Pambansang Awit na nilikha ni Julian Felipe.

Ipinagpatuloy ni Aguinaldo ang kaniyang pakikibaka para sa ganap ng paglaya ng Pilipinas hanggang sa maisilang ang Konstitusyong Malolos noong 1899 na nagbibigay sa kaniya ng luklukang maging pangulo ng unang Republika sa Asya. Nabuhay si Heneral Aguinaldo sa loob ng 95 taon. Napangasawa niya si Hilaria del Rosario, ang una niyang maybahay at mayroon siyang limang anak. Muli siyang ikinasal noong 1921 kay Maria Agoncillo na siyang nag-alaga sa kaniya hanggang siya ay yumao noong 1964.

> Hindi natin mapapalaya ang ating bayan hangga't hindi tayo sumusulong na nagkakaisa na may iisang mithiin.






# JUAN LUNA

(1857-1899)

*Dibuhista, Iskultor, Negosyador, Makabayang Pintor, Ang Maestro.*

Isinilang sa Badoc, Ilocos Sur noong Oktubre 23, 1857. Ikatlo sa pitong anak nina Joaquin De San Pedro Luna at Laureana Novicio Ancheta. Nagtapos ng *Bacheller en Artes* sa *Ateneo de Municipal* noong 1874 at nagtuloy sa Escuela Nautica de Manila dahil nais niyang maging isang magdaragat *(sailor)*. Subalit sadyang hindi niya maiwan ang una niyang kinagiliwan noong bata pa - ang magdibuho. Nang lumipat ang kanilang pamilya sa Maynila, isang matandang pintor na nagngangalang Lorenzo Guerrero na taga Ermita ang nagturo sa kaniya na humarap sa kanbas. Nang lumao'y nag-enrol na rin siya sa *Academia de Dibujo y Pintura* sa Maynila at mabilis naimpluwensyahan ng Espanyol na pintor na si Agustin Paez.

Dahil sa malakas na impluwensya ng kapatid niyang si Manuel Luna na isa ring pintor, isinama siya nito sa Madrid at kapwa sila pumasok sa *Escuela de Bellas Artes de San Fernando*.Sa musika nagpalista ang kaniyang kapatid at si Juan Luna naman ay sa pagpipinta. Dito niya nakilala si gurong-pintor na si Don Alejo Vera hanggang isama siya nito sa Roma, Italia upang bisitahin ang mga art museum doon at ipakilala ang obra ng mga pintor ng panahon ng *renaissance*.

Nagwagi ng ikalawang gantimpala ang kaniyang obrang *La Muerte de Cleopatra (The Death of Cleopatra)* noong 1881 sa *Exposicion Nacional de Bellas Artes*. Dahil dito, ginawaran siya ng *Ayutamiento de Manila ng Pension Scholarship* sa halagang P600 taun-taon. At noong 1884, ang *Spoliarium* ay nagwagi ng tatlong gintong medalya sa *Exposicion Nacional de Bellas Artes*. Ilan sa mga obra ni Juan Luna ay ang *El Pacto de Sangre* (1884), *La Batalla de Lepanto* (1887), *Jose Rizal* (1889),at *The Parisian Life* (1892).

Bumalik siya sa Pilipinas noong 1894 at nagkaroon ng kaugnayan sa rebolusyon. Inaresto at ikinulong siya noong 1896 kasama ang kaniyang kapatid na si Antonio Luna. Pinalaya sila ng korte noong 1897 at agad siyang bumalik sa Espanya. Ngunit bumalik siya sa Pilipinas noong 1898, at itinalaga siyang kasapi ng *Executive Board* ng *Philippine Revolutionary Government* at naging delegado at negosyador sa Washington DC upang kilalanin ang Pilipinas bilang isang bansang malaya. Nagtungo siya sa Hongkong noong 1899 at doon namatay dahil sa atake sa puso noong Disyembre 7.

> Uminom tayo para sa kabataang pag-asa ng bayan; gayahin nyo si Luna at ang kanyang sining dahil ang liwanag sa kaniyang kanbas ay ang kasarinlang ating hinahangad.
>
> -Jose Rizal, (Madrid, 1884)






# MIGUEL MALVAR

(Sept. 27, 1865- Oct. 13, 1911)

*Anak-Pawis, Matapang na Heneral*

Isinilang sa bayan ng Sto. Tomas, Batangas noong Setyembre 27, 1865. Anak nina Maximo Malvar at Tiburcia Carpio na kilalang Kapitan Imoy at Kapitana Tibo sa baryo nilang dating sakop ng Tanauan, Batangas. May kaya ang pamilya ni Miguel Malvar kung kaya't bukas lagi ang kanilang tahanan sa mga nangangailangan. Nag-aral siya ng pagbasa at pagsulat sa eskuwelahan sa kanilang bayan na ipinagpatuloy naman niya sa isang pribadong eskuwelahan sa Tanauan. Dito niya naging kaklase si Apolinario Mabini subalit mas piniling manatili sa Batangas at hindi na nag-aral ng mas mataas na edukasyon sa Maynila. Pinamahalaan niya ang kanilang lupain sa Santo Tomas hanggang sa mahalal na Kapitan Municipalo Gobernadorcillo.

Noong 1891, pinakasalan niya ang magandang anak ni Don Ambrocio Maloles na isa ring gobernadorcillo na si Paula Maloles. Nagkaroon sila ng 13 anak subalit 11 lamang ang nabuhay. Nang maging heneral at mapasama sa rebolusyon, lagi niyang isinasama ang kaniyang pamilya sa lahat ng kaniyang destino. Bago pa patayin si Jose Rizal sa Bagumbayan, nagsanga na ang landas nila nang ipagamot ni Malvar ang maliit na bingot ng kaniyang asawa kay Doktor Rizal. Bukod dito, pinsan ng mga Rizal ang asawa ni Saturnina na si Manuel Hildalgo na taga-Tanauan. At napangasawa naman ng anak na babae ni Soledad ang panganay ni Heneral Malvar na si Bernabe Malvar.

Sumapi si Miguel Malvar sa Kataas-taasan, Kagalang-galangang Katipunan ng mga Anak ng Bayan (KKK) bago pa ang Rebolusyon 1896. Naging puno siya ng brigada ng Batangas at nakasama ni Heneral Edilberto Evangelista sa madugong laban sa Battle of Zapote Bridge noong Pebrero 17, 1897. Nang mapatay si Heneral Evangelista, kaagad siyang ipinalit dito at naging heneral. Nagtatag siya ng kuta sa Indang hanggang sa maganap ang Tejeros Convention.

Pinili niyang sumama sa grupong Magdiwang ni Andres Bonifacio nang matapos ang eleksiyon sa Tejeros subalit bumalik rin sa kampo ni Heneral Aguinaldo nang mamatay si Bonifacio. Dahil dito, malaking grupo ng mga sundalong Pilipino ang pinamahalaan ni Malvar sa direktiba ni Heneral Aguinaldo. Nang sumiklab ang digmaang Pilipino-Amerikano noong Pebrero 4, 1899, itinalaga si Malvar na ikalawang pinakamataas na puno ng sandatahan ng Pilipinas kasunod ni Heneral Mariano Trias.

Nang madakip si Aguinaldo ng puwersa ng mga Amerikano sa Palanan, Isabela, itinalaga niyang opisyal na tagapamahala ng bansa si Heneral Miguel Malvar. Agad naman itong tinanggap ng Batangenyong heneral. Subalit noong Abril 13, 1902, dulot na rin ng kapaguran at pagkakasakit, napilitan siyang sumuko kay Heneral Franklin Bell. Bagama't inalok siya ng maraming posisyon ng pamahalaang Amerikano, tinanggihan niya ito at piniling maging isang magsasaka sa kaniyang bayan. Pumanaw siya noong Oktubre 13, 1911 sa sakit sa atay at inilibing sa bayan ng Sto. Tomas, Batangas.

> Taas-noo kong isinuko ang aking mahinang katawan subalit hindi ang aking prinsipyo at paninindigan para sa isang malayang bayan.




# TERESA MAGBANUA

(1868-1947)

*Masipag na Guro, Mabuting Asawa, Asintada, Henerala ng Bisaya.*

Beterana ng tatlong digmaan si Teresa Magbanua: ang Himagsikan ng 1896, ang Digmaang Pilipino-Amerikano sa mga unang taon ng ika-20 siglo, at ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Isinilang sa Pototan, Iloilo noong Oktubre 13, 1868 mula sa isang kilalang pamilya.

Ang kaniyang ama na si Don Juan Magbanua ay isang huwes sa Court of First Instance ng lungsod ng Iloilo, samantalang ang kaniyang ina na si Dona Juana Ferraris ay anak ni Kapitan Benito Ferraris na kilala ring angkan sa lungsod. Pangalawa siya sa walong magkakapatid at unang nag-aral ng pagiging maestra sa Colegio de San Josesa Jaro, Iloilo hanggang sa lumipat sa tatlo pang eskuwelahan sa Maynila - ang Colegio de Santa Rosa, Colegio de Santa Catalina, at Colegio de Dona Cecillia kung saan nakapagtapos siya ng sertipiko sa pagtuturo noong 1894. Kumuha rin siya ng kursong masteral sa Unibersidad ng Santo Tomas, pagkatapos ay bumalik sa Pototan upang maging isang disiplinadong guro.

Nang lumipat siya sa Sara, Iloilo para magturo, doon niya nakilala si Alejandro Balderas na isang mayamang panginoong-maylupa. Nagpakasal sila noong 1898 na siyang nagpahinto sa kaniyang pagtuturo at nanatili na lamang na isang maybahay. Dito siya natutong maging asintada at sumakay sa kabayo nang walang tinag.

Nang lumaganap ang rebolusyon sa isla ng Panay noong 1898, walang pag-aatubiling sumali si Teresa Magbanua sa kilusan kasama ang dalawa niyang kapatid na lalaki na sina Heneral Pascual at Commandante Elias. Dahil sa kaniyang tapang, lakas ng loob, at marubdob na pagmamahal sa bayan, nagtagumpay si "Nanay Isa" at ang kaniyang tropa sa Baryo Yanting, Pilar, Capiz sa pamumuno ni Heneral Martin Delgado. Sinundan pa ito ng isang matagumpay na labananan sa burol ng Sapong.

Sa panahon ng Digmaang Pilipino-Amerikano, mas higit pang kinakitaan ng tapang at patriotismo ang tinatawag na "Joan of Arc"ng Bisaya. Dito siya tinaguriang asintada dahil sa husay ng pagbaril habang nakasakay sa kabayo. Naka-ilang enkuwentro pa si Nanay Isa hanggang sa masawi ang dalawa niyang kapatid sa Saravia, Negros. Sa paglipat ng siglo, dumanas din ng matinding paghihirap si Teresa Magbanua na kinailangang magbenta ang kaniyang pamilya ng ari-arian. At kahit sumuko siya sa mga Amerikano nong 1900 at nabilanggo, ang mithiin niyang makitang malaya ang Pilipinas ay hindi napawi.

Sa pagdating ng panahon ng Hapon, muling nakidigma si Nanay Isa kahit may edad na. Ibinenta niya ang ilang nalalabi niyang ari-arian at ipinambili ng armas, pagkain, gamot, at iba pang suplay. Nagmistulang si Tandang Sora ang papel ni Magbanua sa panahong iyon.

Matapos ang giyera, pumanaw ang kaniyang asawang si Alejandro na nanatiling matapat sa kaniya kahit hindi sila nabiyayaan ng anak. Lumipat siya sa bayan ng Pagadian, Zamboanga del Sur kasama ang kapatid niyang si Maria. Isang hapon ng Agosto 1947 habang malakas ang ulan, pumanaw si Teresa "Nanay Isa" Magbanua na naging saksi sa ilang dekadang pakikipaglaban ng bayan para sa kalayaan.

> Wala man akong supling na inaruga,ang makitang lahat tayo ay malaya ay isa nang kaganapan ng aking pagiging "Nanay Isa" ng bayan.






# ANDRES BONIFACIO

(1863-1897)

*Manggagawa, Organisador, Sarsuwelista Supremo.*

Isinilang sa Tondo, Maynila si Andres De Castro Bonifacio noong Nobyembre 30, 1863 habang may malaking pamisa ang mga Pransiskanong Pari sa Tondo dahil kapistahan ni San Bartolome.Walang pormal na pag-aaral si Andres subalit natutong tumula at magbasa ng wikang Espanyol at Pranses.

Dahil sa kahirapan, natutong magbenta ng baston at pamaypay sa edad na sampu. Pumasok sa *Carlos Fressel & Company* at nagpalipat-lipat pa sa iba't ibang kompanya sa panahon ng kaniyang kabataan bilang mensahero, taga-imprenta, at bodegero. Bago naging isang rebolusyonaryo, naging aktibong kasapi ng *Teatro Porvenir* na gumanap bilang artista sa entablado at humahaliling mangingibig sa sarsuwela.

Naging kasapi rin ng *La Liga Filipina* na itinatag ni Jose Rizal, subalit matapos ang apat na araw, siya naman ang nagtatag ng isang lihim na kilusang magpapabagsak sa pamahalaang Espanyol. Kasama sina Valentin Diaz, Ladislao Diwa, Teodoro Plata, at Deodato Arellano, itinatag nila ang KKK (Kataas-taasan, Kagalang-galangang Katipunan ng mga Anak ng Bayan) noong Hulyo 7, 1892. Mabilis itong kumalat sa buong Maynila at karatig bayan.

Nakilala niya at naging kasintahan si Gregoria De Jesus nang sumunod na taon hanggang sa magpakasal sila sa simbahan ng San Agustin sa Intramuros. Isa siyang responsable at mapag arugang kapatid kina Ciriaco at Procopio na nakumbinsi niyang sumapi sa KKK.

Pinangunahan niya ang maraming enkuwentro laban sa mga Espanyol kasama ang utak ng kilusan na si Emilio Jacinto. Subalit ang pinakatumatak sa kasaysayan ay nang inihudyat niya ang umpisa ng Rebolusyong 1896 na tinawag na "Sigaw ng Pugad Lawin" nang sabay-sabay nilang pinunit ang kanilang sedula bilang pagtutol sa pamamalakad ng Emperyong Espanya sa Pilipinas.

Bagama't nagkaroon siya ng hindi pagkakaunawaan kay Heneral Emilio Aguinaldo matapos ang kumbensiyon sa Tejeros noong Marso 1897, nanatiling tapat sa ipinaglalabang pagkamit ng kalayaan si Andres Bonifacio may balakid man sa minimithi niyang kasarinlan ng sambayanan. Pinatay siya sa paanan ng bundok Talalima na tinatawag ding bundok Buntis sa Maragondon, Cavite noong Mayo 10, 1897.

> Aling Pag-ibig pa ang hihigit kaya sa pagkadalisay at pagkadakila gaya ng pag-ibig sa tinubuang lupa, aling pag-ibig pa? Wala na nga, wala...




# EMILIO JACINTO

(1875-1899)

*Manunulat, Patnugot, Estratehista, Utak ng Katipunan.*

Isinilang si Emilio Dizon Jacinto sa Tondo, Maynila noong Disyembre 15, 1875. Subalit lumipat sila sa Paco, Maynila matapos pumanaw ang kaniyang ama na si Mariano Jacinto upang manirahan sa parientes ng kaniyang ina na si Josefa Dizon. Dahil sa kahirapan, ang tiyuhin ang nagpaaral sa kaniya ng batsilyer sa sining sa *Colegio de San Juan de Letran* noong 1893. Nagtuloy-tuloy siya ng pag-aaral sa Unibersidad ng Santo Tomas upang kumuha ng abogasya, subalit mas pinili niyang sumapi sa Kataas-taasan, Kagalang-galangang Katipunan ng mga Anak ng Bayan (KKK) sa edad ng 18 kaya hindi siya nakapagtapos.

Dahil sa husay niya sa pagsusulat, pagpaplano, at paglikha ng estratehiya, ginawa siyang kalihim at kanang kamay ni Andres Bonifacio. Nang lumao'y itinalaga siyang patnugot ng "Kalayaan," ang pahayagan ng Katipunan. Binuo rin ni Jacinto ang "Kartilya ng Katipunan" na naglalatag ng mga alituntunin at wastong asal ng mga Katipunero. Kabilang sa ilan pang nasulat ni Jacinto ay ang akdang "Liwanag at Dilim," "Sa mga Kababayan," at "Pahayag."

Nang mamatay si Andres Bonifacio, ipinagpatuloy niya ang mithiin ng Katipunan sa Laguna. Nasugatan siya sa ilang enkuwentro, nahuli, at nakulong subalit laging nakagagawa ng paraan para makalaya. Nabalitaan ni Heneral Emilio Aguinaldo ang kahusayan ng pamumuno ni Jacinto kaya inalok siyang maging tagapayo sa rebolusyonaryong pamahalaan, subalit tinanggihan niya ito.

Nagkaroon siya ng isang anak kay Catalina dela Cruz noong siya'y nasa Alipit, Sta. Cruz, Laguna. Nagkasakit siya ng malaria noong 1898, mabilis na naigupo ng sakit na ito ang kaniyang katawan. Subalit hindi ang talas ng kaniyang pag-iisip at paninindigan. Hanggang sa huling yugto ng kaniyang buhay, isinulat niya ang kaniyang huling akda na A La Patria habang nakaratay. Pumanaw siya noong Abril 16, 1899 sa Magdalena, Laguna.

> Ang buhay na hindi ginugol sa isang malaki at banal na kadahilanan ay kahoy na walang lilim,kundi man damong makamandag.




# GREGORIO DEL PILAR

(Nov. 14, 1875- Disyembre 2, 1899)

*Batang Heneral, Magiting na Opisyal at Maginoo.*

Pinakabata siyang heneral sa Hukbong Sandatahan ng Pilipinas sa taong gulang na 24. Kilala sa palayaw na Goyo o Goyong. Isinilang sa Bulakan, Bulacan noong Nobyembre 14, 1875 kina Fernando H. Del Pilar at Felipa Sempio. Panglima sa anim na (Nov. 14, 1875-Disyembre 2, 1899) magkakapatid, nagtapos ng *Bachiller en Artessa Ateneo Municipal de Manila* noong 1896.

Sa batang edad, ipinamulat ng kaniyang tiyuhing si Marcelo H. Del Pilar kung bakit dapat wakasan ang pamamalakad ng mga prayle sa Pilipinas. Samantala, ang isa pang tiyuhin niya na si Toribio H. Del Pilar ang naging reponsable naman sa kasanayan ni Goyong sa espada, pagbaril, at pisikal na pakikipaglaban.

Isa sa unang enkuwentro ni Gregorio Del Pilar laban sa mga guwardiya sibil ay noong Disyembre 28, 1896. Habang nililitis si Jose Rizal sa *Fuerza Santiago*,nakikipaglaban naman ang batang Del Pilar sa *Kakarong de Sili* sa Pandi, Bulacan. Umabot hanggang Enero 1, 1897 ang labanan na matagumpay na naipagtanggol ni Goyong ang kanilang teritoryo. Dahil sa kagitingan at katapangan, kaagad binigyan ng ranggong tenyente ni Emilio Aguinaldo si Goyong. Muling itinaas ito sa tinyente koronel nang magapi ng tropa ni Del Pilar ang kuta ngmga sundalong Espanyol sa Paombong at nakalikom pa ng 14 na ripleng Mauser. Isinama ni Aguinaldo si del Pilar sa pagka-exile sa Hong Kong nang magkaroon ng tigil-putukan batay sa *Pact of Biak-na-Bato* noong 1897.

Nang matalo ng mga Amerikano ang mga Espanyol sa tinatawag na *Battle of Manila Bay*, nakabalik na sa Pilipinas sina Aguinaldo at Del Pilar. Binigyan niya ng direktiba si Del Pilar na kontrolin ang Bulacan at Nueva Ecija upang hindi mapasok ang mga Amerikano. pagkatapos sumiklab ang Digmaang Pilipinas - Amerika noong Pebrero 4, 1899, agad nagapi ni del Pilar ang tropa ni Major Franklin Bell sa *Battle of Quingua* sa Bulacan noong Abril 23 sa taon ding iyon. Naging ganap na heneral na si Del Pilar.

Noong Disyembre 2, 1899, kasama ang 60 sundalong Pilipino, nagpaiwan ang tropa ni Heneral Gregorio Del Pilar sa Pasong Tirad, Ilocos Sur upang hindi mahuli ng mga Amerikano ang Pangulong Aguinaldo. Umabot ng ilang oras ang sagupaan at hindi pa rin nagagapi nina Koronel Peyton March ang batang heneral. Ngunit dahil sa pagtataksil ng isang Januario Galut, ilang sundalong Amerikano ang nakaposisyon sa mas mataas na lugar. Isang putok ng riple ang umalingawngaw at nahagip sa leeg ang heneral na nagtatanggol para sa kalayaan ng bayan.

**Ako at aking mga tauhan ay napapalibutan na ngayon ng mga kaaway ng bayan, subalit handa akong mamatay na lumalaban para sa aking bayang tinubuan.**






# LAPU-LAPU

(Ika-6 na siglo)
*Unang Mandirigmang Pilipino, Dakilang Pinuno ng Mactan*

Si Lapu-Lapu ang kauna-unahang mandirigmang Pilipinong nagwagi laban sa mga dayuhan. Ayon sa alamat at sa tagapagtala ni Ferdinand Magellan na si Antonio Pigafetta, si Lapu-Lapu ay may matipunong pangangatawan, at nagtataglay ng pambihirang lakas, dunong at kakayahan.

Nang dumating si Magellan sa Isla ng Cebu, inutusan ni Rajah Humabon ang lahat ng katutubo pati na ang dakilang pinuno ng Mactan na mag-alay ng mga hayop, prutas, inumin, at iba pang pagkain sa mga dayuhan.

Matatag ang pagtanggi ni Lapu-Lapu kaya nang malaman ito ng kampo ni Magellan, agad silang sumugod at sinunog ang Bulaya, ang pinakamalaking komunidad sa Mactan.

Hindi natinag si Lapu-Lapu, kaagad niyang pinulong ang kaniyang mga tauhan at nagplano ng isang malaking pagsalakay sa tropa ni Magellan.

Noong madaling-araw ng Abril 27, 1521, umatake ang isang libong mandirigma ni LapuLapu. Mababaw ang dagat noon kung kaya napilitang lumusong sa tubig ang mga sundalo ni Magellan. Pinasok ng tubig ang mga botang kuwero ng mga sundalo, bumagal ang kanilang kilos. Nagpaulan sina Lapu-lapu ng pana, sibat, at bato. Lumusob sila dala ang kanilang mga kampilan.

Naitala ang unang tagumpay ng mga Pilipino sa pagkamatay ni Ferdinand Magellan.

Ayon sa mga kuwento, nakapangasawa si Lapu-Lapu ng isang magandang dilag na nagngangalang Bulakna. Nagkaanak sila ng isang lalaki at pinangalanang Sawili na lumaki ring magiting na mandirigma. Hindi na nabalitaan kung papaano namatay si Lapu-Lapu. Subalit may pinaniniwalaang hindi siya namatay, kundi nanirahan lamang sa pusod ng dagat at handang bumalik sa lupa kung may mga dayuhang muling aangkin sa kaniyang bayang sinilangan.

> Kung may espada at kalasag ang mga Espanyol, mayroon din kaming pana, sibat at kampilan para ipagtanggol ang aming lupa at dagat.






# ANTONIO LUNA

(1866-1899)

*Manunulat, Parmasyutiko, Magiting na Heneral, Opisyal at Maginoo.*

Isinilang si Antonio Ancheta Luna noong Oktubre 29, 1866 sa Calle Urbiztondo (ngayo'y Baracca), Binondo, Maynila. Bunso siya sa pitong anak nina Joaquin De San Pedro Luna at Laureana Novicio Ancheta na taga-Namacpacan (ngayo'y Luna), La Union.

Nag-aral si Antonio ng *Bachiller en Artessa* Ateneo Municipal de Manila at Literatura at *Quimica* (*Chemistry*) sa Unibersidad ng Santo Tomas kung saan nagwagi ng unang gantimpala ang kaniyang saliksik na *Two Fundamental Bodies of Chemistry*. Nang lumaon kumuha siya at nagtapos ng *Farmacia* (*Pharmacy*) na itinuloy niya sa *Universidad Central de Madrid* upang makamit ang lisensya sa pagiging doktor sa medisina. Nag-aral din siya ng taktikang militar tulad ng husay sa pagbaril, paggamit ng espada, at pag-eespiya na siyang nakakumbinsi kay Heneral Emilio Aguinaldo na italaga siyang puno ng hukbong militar ng Pilipinas noong 1897.

Labinglimang taong gulang siya nang makapaglathala ng isang aklat ng mga tula, ang *Las Estrellas de Mi Cielo*. Naglabas din siya ng mga sanaysay at katha sa La Solidaridad.Isa rito ay *"La maestra de mi pueblo."* Itinatag din niya ang pahayagang *La Independencia* na nanatili sa sirkulasyon hanggang 1927 kahit wala na si Heneral Luna. Samantala, noong 1893 nakapaglathala si Antonio ng isang siyentipikong saliksik na kinilala hindi lang sa Pilipinas kundi sa Espanya. Ito ay may pamagat na *Malaria Pathology o El Hematozoario del Paludismo*. Dahil dito, itinilaga siyang *Jefe Quimico* (*Chief Chemist*) ng Municipal Laboratory of Manila.

Nang sumiklab ang digmaang Pilipino-Amerikano, binigyan siya ng kapangyarihan ni Heneral Aguinaldo na pamunuan ang sandatahang lakas laban sa Amerikano. May mga nainggit sa kaniyang husay sa pamamalakad kung kaya nang lumao'y kinamuhian ang kaniyang taktika at estilo gayun din ang bagsik at disiplina sa pamumuno. Dahil dito, noong Hunyo 5, 1899, pataksil siyang pinaslang ng mga kinagalitan niyang opisyal at sundalo sa patio ng isang simbahan sa Cabanatuan, Nueva Ecija

**Mas magandang mamatay sa digmaan kaysa magpasakop sa mga dayuhan.**




# APOLINARIO MABINI

(1864-1903)

*Manunulat, Guro, Abogado, Tagapayo, Utak ng Rebolusyon.*

Isinilang sa Baryo Talaga, Tanauan, Batangas noong Huyo 23, 1864 kina Inocencio Mabini at Dionisio Maranan. Nabigyan ng pagkakataong makapag-aral nang libre sa *Colegio de San Juan de Letran* hanggang sa makatapos ng *Bachiller en Artes* noong 1887.

Pangalawa sa walong anak, naging lider estudyante siya sa kolehiyo hanggang sa nabigyan ng pagkakataong makapag-aral ng abogasya sa Unibersidad ng Santo Tomas noong 1888 at nakapagtapos makalipas ang anim na taon.

Nakilala sa kasaysayan bilang paralitiko sanhi ng isang sakit dulot ng isang epidemya na kumalat sa bansa noong 1896. Abogado na siya nang dapuan ng karamdaman na pumigil sa kaniyang makapaglakad subalit hindi nakapigil upang maging bahagi ng pakikibaka upang makamit ang kasarinlan mula sa kamay ng mga Espanyol.

Sa kaniyang karanasan bilang kasapi ng *La Liga Filipina* mula pa noong 1893 at pagiging isang mahusay na abogado, napansin siya ni Heneral Emilio Aguinaldo kaya agad siyang pinili bilang tagapayo at kauna-unahang Kalihim ng Ugnayang Panlabas ng Pilipinas. Dahil dito, pinayuhan niya si Heneral Aguinaldo na baguhin ang anyong diktatoryal ng gobyerno tungo sa isang gobyernong rebolusyonaryo. Inayos niya rin ang sistema ng hudikatura ng mga munisipyo at probinsiya. Isa rin siya sa nagbuo ng ilang regulasyon sa pagtatatag ng Hukbong Katihan ng Pilipinas *(Philippine Army)*noong 1897 at tumulong balangkasin ang *Malolos Constitution*.

Hinuli siya ng mga guwardya sibil noong Oktubre 1896 dahil sa koneksyon niya sa kilusang reporma. Sumailalim siya sa *house arrest* sa hospital ng *San Juan de Dios* at nangkalauna'y pinalaya na rin dahil sa kaniyang karamdaman. Nang sumiklab ang digmaang Pilipino-Amerikano, tumakas si Mabini patungong Nueva Ecija hanggang sa madakip sa Cuyapo, noong Disyembre 10, 1898. Nanatili siyang bilanggo hanggang Setyembre 23, 1900. Nanirahan siya sa isang maliit na dampa sa Nagtahan sa Maynila, at kumikita sa pamamagitan ng pagsusulat sa mga lokal na pahayagan.

Dahil sa pag-atake niya sa pananakop ng mga Amerikano at sa patuloy pa ring pagsusulong ng kasarinlan, ipinatapon siya sa Guam kasama ang iba pang Pilipino. Dahil sa husay ng kaniyang mga isinulat kabilang ang *El Verdadero Decalogo,*inalok siya ng iba't ibang posisyon ng pamahalaang Amerikano na agad niyang tinanggihan. Ginugol na lamang niya ang malungkot na paninirahan sa Guam sa pamamagitan ng pagsusulat ng kaniyang mga alaala na pinamagatang *La Revolucion Filipina.* Nang ibinalik siya sa Maynila noong 1903, dinapuan siya ng sakit na cholera at namatay noong Mayo 13.

> Wala akong hinihiling pa kundi ang matulog nang walang hanggan, na kontentong wala akong naiwang mapait na alaala.




# MELCHORA AQUINO

TANDANG SORA

(1731-1763)

***Manggagamot, Tagapag-alaga, Ina ng Katipunan, Ina ng Rebolusyon.***

Isinilang si Melchora Aquino De Ramos noong Enero 6, 1812 sa Banilad, (ngayo'y Banlat) Caloocan. Napangasawa niya si Fulgencio De Ramos at nagkaroon sila ng pitong anak. Ang kaniyang anak na si Juan Ramos na aktibong kasapi ng Kataas-taasan, Kagalang-galangang Katipunan ng mga Anak ng Bayan (KKK) ang naging daan upang makilala ni Tandang Sora ang Katipunan.

Malaki ang pag-aaring lupain ng kaniyang pamilya sa lugar ng Balintawak. Ang dating masukal na kagubatan ay hinawan niya kasama ang kaniyang asawa at tinaniman ng palay at tubo. Subalit nang maagang namatay ang kaniyang asawa, mag-isa niyang itinaguyod ang kaniyang mga anak hanggang sa unti-unting nabawasan ang dating 25 ektarya niyang lupain.

Nang sumapit ang Rebolusyong 1896, madalas magpulong ang mga Katipunero sa lupain ni Tandang Sora kasama ang supremong si Andres Bonifacio. Laging handa ang bahay ni Tandang Sora na maging kainan, pahingahan, at ospital para sa mga sugatang Katipunero. Nang inihudyat ni Andres Bonifacio ang pagsisimula ng himagsikan laban sa mga Espanyol sa pamamagitan ng pagpunit ng sedula, saksi si Tandang Sora sa mga sigaw na Mabuhay ang Filipinas!

Sa edad na 84, si Tandang Sora ang nagtakas sa mga sugatan patungong kagubatan ng Balara hanggang sa isa-isang ginamot at pinakain ang mga ito. Nang lumao'y hindi rin nakatakas sa kaalaman ng mga Espanyol ang pagtulong ng matanda sa mga rebolusyunaryo kaya hinuli siya at ibinilanggo. Ipinatapon siya sa isla ng Marianas noong 1898 kasama ang iba pang Pilipino. Pinabalik siya noong 1903 at namuhay nang tahimik sa dating bahay na minsang naging pinagluwalan ng mga tapang at paninindigan. Namatay siya noong Marso 2, 1919 sa edad na 107 taon.

Noong 1951 hanggang 1966, si Tandang Sora ang bayaning nasa isang daang pisong papel. Pagkatapos nito, inilagay naman ang mukha niya sa singko sentimo na lumabas sa sirkulasyon mula 1967 hanggang 1992.

Ang pagpapakain, panggagamot, at pagbibigay ng matutulugan sa kapwa kasapi man ng kilusan o hindi ay isang paglilingkod para sa taumbayan.




# GOMBURZA

***Padre Mariano Gomez, Padre Jose Burgos, at Padre Jacinto Zamora***
**(Pebrero 17, 1872)**
***Lingkod ng Diyos, Paring Sekular, Martir, Makabayan.***

Bilang paghanga at pagkilala sa katapangan ng tatlong paring martir na ginarote sa Bagumbayan (ngayo'y Luneta) noong Pebrero 17, 1872, inialay ni Jose Rizal ang kaniyang ikalawang nobelang *El Filibusterismo*.

Tinawag silang Gomburza ng mga historyador dahil sa nag-iisang layunin ng tatlong paring Pilipino kaugnay ng krusada nilang sekularisasyon o ang pagkilala at pagbibigay karapatan sa mga paring Indio, pagpapahalaga sa mga manggagawang Pilipino at pagbibigay ng mataas na edukasyon sa kabataan noong panahon ng Espanyol.

Pinakabata si Jose Garcia Burgos na isinilang noong Pebrero 9, 1837 sa Vigan, Ilocos Sur. Nag-aral siya sa *Colegio San Juan de Letran* at Unibersidad ng Santo Tomas. Dalawa ang titulo niyang doktorado, sa *Teologia* at *Canon law*. Mahusay rin siya na manunulat na nakapaglathala ng ilang artikulo at akdang pampanitikan tulad ng *La Loba Negra*.

Pinakamatanda naman si Mariano Gomez na isinilang noong Agosto 2, 1799 sa Sta. Cruz, Maynila. Nagtapos din siya ng pagpapari sa Unibersidad ng Santo Tomas at nagsilbing kura paroko ng Bacoor at Naic sa Cavite.

Si Jacinto Zamora naman ay isinilang noong Agosto 14, 1835 sa Pandacan, Maynila. Magtatapos na siya ng doktorado sa *Canon law* nang siya ay bitayin. Noong 1860, isang grupo ng mga estudyante ang sinamahan niya sa kanilang protesta. Dahil dito, dalawang buwan siyang ikinulong sa kaniyang kuwarto at hindi pinalabas. Si Padre Jacinto rin ang unang isinangkot sa *Cavite Mutiny* dahil sa pagbabasa niya ng isang babasahing nagbabanggit ng tungkol sa pag-aaklas.

Ang tinawag na *Cavite Mutiny* noong Enero 20, 1872 ay ang pag-aaklas laban sa mga Espanyol ng mga Pilipinong sundalo at manggagawa ng barko sa *Fort San Felipe* sa Lungsod ng Cavite. Isinangkot ang Gomburza dito, agad nilitis at hinatulang mamatay sa pamamagitan ng garote noong Pebrero 17, 1872.

Kasama ng Gomburza sa pagsusulong ng kilusang sekularisasyon si Padre Pedro Pelaez.

Dahil nasaksihan ni Paciano Mercado ang paggarote sa tatlong pari, madamdamin niya itong naikuwento sa batang kapatid na si Jose Rizal na siya namang nagpamulat sa kanya upang maging makabansa.

> Tumungo tayo sa lugar kung saan ang mga dahon ay hindi gumagalaw kung hindi kagustuhan ng Dios.
>
> -Padre Jacinto Zamora




# MARCELO DEL PILAR

(1850-1896)

*Orador, Periodista, Patnugot, Propagandista, Plaridel.*

Si Marcelo Hilario Gatmaitan ay isinilang sa Cupang, Bulakan, Bulacan noong Agosto 30, 1850. Ikinabit lamang ng kanilang pamilya ang apelyidong Del Pilar na orihinal na apelyido ng kaniyang lola, bilang pagtugon sa dikreto ni Gobernador-Heneral Narciso Claveria noong 1849. Pangsiyam siya sa sampung magkakapatid na sa batang edad ay kinakitaan ng talento sa musika, pagsusulat, at pagsasalita. Tatlong beses naging *Gobernadorcillo (Mayor)* ng kanilang bayan ang tatay niyang si Don Julian Hilario del Pilar.

Nagtapos siya ng *Bachiller en Artes sa Colegio de San Jose* at nagpatuloy mag-aral ng batas sa Unibersidad ng Santo Tomas hanggang sa maging *Licenciado en Jurisprudensia* noong 1880. Agad siyang nakapagtrabaho sa *Real Audiencia de Manila*, bagama't nang lumaon mas pinili nyang umuwi sa kaniyang probinsya at doon gamitin ang inaral na abogasya. Estudyante pa lamang sa kolehiyo si Marcelo ay nagsimula na siyang maging kritiko ng simbahan at mga prayle. Tinuligsa niya ang mataas na kabayarang hinihingi ng simbahan sa mga binyag, kumpil, kasal, at pagpapalibing. Pirmi siyang nagtatalumpati sa mga pulong ng iba't ibang samahan tungkol dito. Noong 1882, itinayo niya ang pahayagang Diaryong Tagalog at dito niya inilabas ang kaniyang mga atake sa mga kura tulad ng Dasalan at Tocsohan. Ang krusada niyang ito ay tumagal hanggang 1888. Pagkatapos nito ay pinagbantaan ang kaniyang buhay kung kaya't napilitan siyang tumungo sa Barcelona, Espanya.

Kasama sina Jose Rizal at Graciano Lopez Jaena, itinayo nila ang pahayagang *La Solidaridad* noong huling bahagi ng 1888. Siya ang humaliling patnugot nito pagkatapos ni Lopez Jaena. Sa La Solidaridad nalathala ang kaniyang mga sinulat tulad ng *Caiigat Cayo (Be as Slippery as an Eel), La Soberania Monacal en Filipinas (Monastic Supremacy in the Philippines)* at *La Frailocracia Filipina (Friarocracy in the Philippines)*. Naging aktibo rin siya sa mason hanggang sa mapabilang sa *Grande Oriente Español* at *Solidaridad Lodge*. Nagkaroon sila ng kaunting di pagkakaunawaan ni Jose Rizal sa *La Solidaridad* bagama't nagkakaisa sila kung tungkol sa kilusang reporma ang pag-uusapan. Isang taon matapos isara ang pahayagang *La Solidaridad*, dinapuan ng sakit na *tubercolosis* si Marcelo hanggang sa bawian ng buhay noong Hulyo 4, 1896.

> Kapag nabigo ang taumbayan sa paggamit ng kapayapaan bilang sandata sa paglipol ng kasamaan, ang rebolusyon na ang huling kasagutan...

*"Kailangan itama ang pagkaunawa ng marami sa atin sa kasaysayang Pilipino. Bukod sa pambansang kasaysayan, kailangan isama natin ang panrehiyong kasaysayan sa pagtuturo ng kasaysayan ng Pilipinas sa mga mag-aaral. Malaki ang gagampanan ng ating mga guro at tagapagturo sa ilalim ng patnubay ng DepEd para maisakatuparan ang maka-bayaning layunin na ito!"*

Leonor Magtolis Briones
Kalihim, Kagawaran ng Edukasyon

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

Office of the Undersecretary for Administration
Department of Education

with the support of
Youth Formation Division (YFD)
Bureau of Learner Support Services (BLSS)
Office of the Secretary (OSEC)

Facebook: DepEd Tayo | Email: usec.admin@deped.gov.ph
Mobile +639260320762 | Landline +6326337203